American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-07, pp-215-230
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Karanasan ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Wikang Balbal at Katatasan sa Pagsasalita ng Wikang Filipino

Honey Rose O. Alicos[1], Evelyn R. Cutamora, PhD[2]
*Institute of Teacher Eduacation, Kapalong Collge of Agriculture, Sciences and Technology, Phillipinies*

**ABSTRACT :** Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay malaman ang karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wikang Balbal at naging epekto nito sa katatasan sa pagsasalita ng Wikang Filipino. Kaya naman ang pag-aaral na ito ay ginamit ang mixed-methods na pamamaraan upang matukoy ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang balbal at katatasan sa pagsasalita ng wikang Filipino ng mga mag-aaral ng BSEd Filipino, kung saan ginamit ang convergent parallel na disenyo. Sa kwantitatibong yugto nagkaroon ng 154 na mag-aaral ng BSEd Filipino na tumugon sa pag-aaral, habang sa kwalitatibong yugto nagkaroon ng 14 na tagatugon. Base sa naging resulta sa kwantitatibong bahagi, isiniwalat na ang lebel ng paggamit ng wikang balbal at katatasan sa pagsasalita ng wikang filipino ay mataas, dagdag pa ang dalawang baryabol ay mayroong makabuluhang ugnayan batay sa naging resulta r (154) = .341, p<001. Sa kwalitatibong bahagi naman ay naisiwalat ang mga naging karanasan at pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang balbal sa kanilang pakikipagtalastasan at mayroong nakita na anim na tema batay sa kanilang mga naging sagot. Ang integrasyon ng datos sa parehong kwantitatibo at kwalitatibo na resulta ay nagpahiwatig na mayroong convergent sa mga natuklasan mula sa parehong datos.
***KEYWORDS :*** *wikang balbal, katatasan sa pagsasalita ng wikang Filipino, mga mag-aaral ng medyor sa Filipino, komunikasyon, Pilipinas*

## I. INTRODUKSYON

Biniyayaan ng Panginoon ang mga tao ng higit na nakatataas na pag-iisip kumpara sa iba pang nilalang. Kaugnay nito ang kakayahan ng mga tao na matuto ng sariling wika at mapayabong pa ito sa pagdaan ng panahon. Ang paggamit ng balbal ay may positibong impluwensiya, ipinapakita ang karaniwang proseso ng paglikha ng mga salitang balbal sa pamamagitan ng paggamit ng kombinasyon. Ngunit kaakibat ng pag-usbong ng wikang Balbal sa mga mag-aaral, naaapektuhan nito ang katatasan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Nagagamit ng mga mag-aaral ang wikang balbal sa mga pormal na pag-uusap katulad na lamang sa loob ng paaralan habang sila ay nag uulat o nag tatanghal. Cabrigas et.al (2020) May negatibong epekto ang paggamit ng wikang balbal sa pang araw-araw, una ay magdudulot ito sa mga mag-aaral ng kakulangan sa kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino dahil lumilihis ito sa karaniwang bokabularyo at gramatika Zahid (2023). Pangalawa, maari itong magdulot ng pagbaba ng propesyonalismo dahil nagagamit ito sa mga pormal na sitwasyon. Panghuli, maaring magdulot ng maling interpretasyon sa pag-unawa ng mga salita na makakaapekto ng negatibo sa mga mag-aaral.

Sa bansang Indonesia, *Indonesian* ang ginagamit na wika ng mga kabataan ngunit kalaunan ay napapalitan na ito ng balbal. Ang balbal ay ang paghahalo ng balbal sa karaniwang wika na lumilikha ng problema o kakaiba sa wikang kinagisnan. Ang epekto ng wikang balbal o ibalbal ay nagkakaroon ng kakulangan sa pagkaintindihan ang mga tao at pagkasira ng pormal na wika, lalo na sa mga hindi akit sa partikular na grupo na gumagamit nito. Dahil dito naaapektohan na ang kanilang katatasan sa sarili nilang wika at napapabayaan na ito. Dagdag pa nito hahantong ito sa pagkakawala ng tamang balarila, gramatika, at paggamit ng wastong wika sa pormal na lugar (Ahmad et al., 2022).

Sa Pilipinas, partikular na sa Binan City, nagkaroon ng isang pag-aaral patungkol sa Impluwensiya ng *"Millenial Words"* at kasanayan sa pagsulat ng Komposisyong Filipino ng mga mag-aaral ng Binan Integrated National High School. Ayon sa pag-aaral dahil sa dalas ng paggamit ng mga makabagong salita nagsagawa sila ng isang pag-aaral na naglalayon na malaman ang impluwensiya ng *"Millenial Words"* sa mga mag-aaral at malaman kung nagkakaroon ba ito ng epekto sa kasanayan sa pagsulat ng Komposisyong Filipino. Batay sa resulta ng pananaliksik nagkakaroon ng katamtamang impluwensiya ang "Millenial Words" sa mga magaaral at implikasyon ito na posibleng nakakalimutan na o nawawalan ng interest ang mga mag-aaral sawastong pagsulat ng komposisyong Filipino. (Garcia, 2022).

Mapapansin sa ating lipunan ang labis na pag usbong ng wikang balbal o ibalbal lalo na sa mga kabataan at ginagamit na rin ito sa loob ng paaralan. Mapapansin na nagkakaroon ng pagpapalit ng mga koda, pagbabaliktas

ng isang salita at pagbabawas ng letra na kung saan napakahirap ng maunawaa at kung minsan ay nakakalimutan na ang totoong kahulugan. Mapapansin din ang paggamit ng mga mag-aaral ng mga balbal na salita sa loob ng paaralan nang hindi nila namamalayan, na nakakaapekto sa paggamit ng wikang Filipino at kung minsan ay ginagawa na lamang nila itong katatawanan at hindi na nabibigyang diin ang totoong kahulugan ng mga salita. Kung kaya layunin pa rin ng mananaliksik pag-aralan ang epekto at karanasan sa paggamit ng wikang balbal upang mas maintindihan natin ang mga salitang nabuo, malaman ang naging mga karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga salitang balbal at pag-aralan ang naging epekto nito sa ating katatasan upang pang maagapan ang paggamit nito sa mga pormal na pag-uusap.

Bagamat may mga naging pag-aaral ng naisagawa patungkol sa Paggamit ng Wikang Balbal gaya ng isinagawa ni Noval (2021), naglalayong surin ang Pagsubong ng balbal sa modernong wika ng mga kabataan. Gayundin sa pag-aaral nina Alcantara et al., (2023) kung saan kanilang pinag-aralan ang epekto ng paggamit ng wikang balbal sa komunikasyon ng mga mag-aaral na nasa baitang-11. At pag-aaral nina Molbog et al. (2023) patungkol sa Paggamit at Epekto Sa Kasalukuyang Panahon ng salitang balbal. Subalit napansin ng mananalik na wala pang pag-aaral na nakapokus sa karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang balbal at epekto nito sa katatasan ng Wikang Filipino. Kung kaya ay nais ng mananaliksik na mabigyang diin ang pag alam sa mga naging epekto ng paggamit ng wikang balbal sa katatasan ng wikang filipino, kanilang mga dahilan sa paggamit ng kakaibang salita at kanilang karanasan sa paggamit ng balbal na salita.

Upang mas mapapakinabangan, ang resulta ng pag-aaral na ito ay nakatakda na mailimbag sa internet, aklatan at journal. Pagpipresenta rin ng pananaliksik na ito sa mga pagpupulong sa pananaliksik balang araw. Ang pananaliksik ding ito ay magiging libre sa mga mag-aaral na gustong bumasa at mangalap ng mga impormasyon patungkol sa impluwensiya ng banyagang wika sa pagkatuto ng wikang Filipino. Ang silid-aklatan at ang opisina ng pananaliksik at pag-unlad ng institusyon ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology ay bibigyan ng kopya nang sag anon ay makasisigurong mapakinabangan ang pag-aaral na ito ng mga mag-aaral at guro ng institusyon.

## II. LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Sa pag-aaral na ito, gumamit ng *convergent parallel mixed method* na pananaliksik**,** upang malaman ang mga karanasan ng mga mag-aaral ng BSEd Filipino sa paggamit ng balbal at naging epekto nito sa katatasan sa pagsasalita ng wikang Filipino. Sa partikular, hinahangad ng mananaliksik na masagot ang mga sumusunod na katanungan sa pananaliksik.

1.Ano ang antas ng paggamit ng balbal at katatasan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa mga mag-aaral ng BSED Filipino?

2.Ano ang mahalagang ugnayan sa pagitan ng paggamit ng Balbal at katatasan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa mga mag-aaral ng BSED Filipino?

3.Ano-ano ang mga karanasan ng mga mag-aaral ng BSEd Filipino sa paggamit ng Balbal?

4.Ano-ano ang mga natutunan ng mga mag-aaral ng BSED Filipino sa paggamit ng Balbal?

5.Hanggang saan ang pagkakatugma ng mga kwalitatibong datos at kwantitatibong datos?

## III. PAMAMARAAN

Gumamit ang mananaliksik ng convergent parallel mixed approach sa pag-aaral na ito. Ito ay isang non-experimenral design na pinagsama-samang elemento ng kwantitatibo at kwalitatibong dulog. Ito ay convergent parallel dahil parehong ginamit ng mananaliksik ang kwantitabo at kwalitatibong dulog sa pag-aaral at ang kanilang mga pamamaraan ng pangangalap at pagsusuri ng datos ay sabay na naganap. Pagkatapos, ang resulta mula sa dalawang pamamaraan ay i konompara upang mas maunawaan ang paksa ng pananaliksik na ito. Ang pamamaraan ay ginamit upang masuri ang karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng balbal at epekto nito sa katatasan sa pagsasalita ng wikang Filipino. Karagdagan, ayon kay Creswell et al., (2003) ang pinaghalong pamamaraan (mixed method) ay palaging ginagamit upang ma limitihan ang pamamaraan ng isa sa pamamagitan ng lakas ng isa. Ang paggamit ng mga bukas na paraan upang makakuha ng kwalitatibong datos ay nagpapakita na ito ay mahalaga sa pagdaragdag ng kwantitatibong datos.

Sa partikular, ang kwantitatibong bahagi ay kinabibilangan ng deskriptibong pamamaraan sa pananaliksik, na ang layunin ay magbigay ng tumpak na paglalarawan ng mga kalahok sa pananaliksik. Sa mas simpleng salita, nakatuon ito sa paglalarawan ng mga indibidwal na bahagi ng pag-aaral, Ang pamamaraang ito ay karaniwang ginagamit upang ilarawan ang mga katangian ng isang tiyak na populasyon o penomenon na sinusuri. Karaniwang ginagamit ng mga mananaliksik ang mga deskriptibong kategorya, na mga kategoryal na iskema na kumukuha ng mga nauugnay na katangian upang ilarawan ang sitwasyon ng populasyon. Karagdagan, isang nakabuo na survey questionnaire ang ibinigay sa mga mag-aaral ng Bsed Filipino ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology bilang mga kalahok. Mayroong dalawang daan at labing isa (211) na mga mag-aaral ng Bsed Filipino sa pag-aaral na ito. Ang pinagsamang mga sagot ng mga kalahok ay nagbigay ng numerikal na datos tungkol sa komplikasyong naitala. Kaya't, angkop na mga kasangkapan sa estadistika tulad ng

Frequency at weighted mean ay ginamit upang ipakita ang mga kwantitatibong resulta. Matapos dumaan sa mga paggamot na ito, ang mga datos ay ipinakita at sinuri gamit ang deskriptibong estadistika.

Sa kwalitatibong yugto ng pag-aaral na ito, ginamit ko ang phenomenological na pamamaraan, na umaayon sa isang epistemolohikal na pananaw na kinikilala ang pag-iral ng maraming subhetibong katotohanan. Ang mga ginamit na pamamaraan ng pagkolekta ng datos ay focus group discussion (FGD) at in-depth interview (IDI), na napatunayang epektibo sa pagkuha ng mga pananaw tungkol sa mga panlipunang norma ng isang komunidad. Ayon kina Brun et al., (2014), ang mga pamamaraang ito ay nagpadali sa saturation ng datos sa mga malalim na panayam at tumulong sa pagtukoy at pagbuo ng mga tema batay sa datos na nakolekta ng mga mananaliksik.

Kaya naman, ang mga datos ay nakalap sa pamamagitan ng fucos group discussion (FGD) at malalimang panayam. (IDI). Ang gabay sa panayam ay binubuo ng mga tanong na ibinigay sa pitong napiling kalahok para sa in-depth interview at pitong kalahok para sa fucos group discussion. Ang mga tanong ay idinisenyo upang makuha ang mga sagot mula sa mga kalahok.

## IV. RESULTA AT TALAKAYAN

**Talahanayan 2**

*Antas sa Paggamit ng Wikang Balbal, Ayon sa Impluwensiya ng Balbal sa Makrong Kasanayan batay sa Pakikinig, Pagbasa, Pagsasalita, Pagsulat, at Panonood.*

| Baryabol at Indikeytor | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| **A. Impluwensiya ng Balbal sa Makrong kasanayan batay sa Pakikinig** | | |
| Nakakaaliw pakinggan ang makabagong salita tulad ng jowa, olats, charot atbp. | **3.91** | Mataas |
| Iniisip ko minsan ang tunay na kahulugan ng salitang balbal sa napakinggang pahayag. | **4.13** | Mataas |
| Nauunawaan ko ang napakinggan na salitang balbal. | **3.74** | Mataas |
| Nakakatulong ang mga salitang balbal sa aking pag-aaral, mga gawain, at pang araw-araw na pamumuhay sa pamamamagitan ng pakikinig. | **3.82** | Mataas |
| Nadagdagan ang aking kaalaman sa pakikinig ng mga salitang balbal. | **4.05** | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.93** | **Mataas** |
| **B. Impluwensiya ng Balbal sa Makrong Kasanayan batay sa Pagbasa** | | |
| Nauunawaan ko ang kahulugan ng salitang balbal mula sa binasang teksto. | **3.88** | Mataas |
| Nababatid ko kung ano ang mga salitang balbal. | **3.88** | Mataas |
| Nakakatuwang basahin ang makabagong salitang balbal. | **3.92** | Mataas |
| Nakakapagpapa-unlad sa magandang gawi ang aking pagbabasa ng salitang balbal. | **3.66** | Mataas |
| Nababasa ko nang maayos ang mga makabagong salita na ginagamit ng balbal. | **3.90** | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.85** | **Mataas** |
| **C. Impluwensiya ng Balbal sa Makrong kasanayan batay sa Pagsasalita** | | |
| Nagagamit ko ang salitang balbal sa pagsasalita. | **3.92** | Mataas |
| Nagiging bahagi ko na ng pang araw-araw na pagsasalita ang salitang balbal. | **3.48** | Mataas |
| Nagagaya ko agad ang binanggit na salitang balbal sa nagsalitang tao o personalidad. | **3.86** | Mataas |
| Nagagamit ko ito sa pagbabahagi ng ideya o saloobin. | **3.84** | Mataas |
| Nakakasabay ako sa pakikipag-usap kapag may nagsimulang magsalita nito. | **3.89** | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.29** | **Napakataas** |
| **D. Impluwensiya ng Balbal sa Makrong kasanayan batay sa Pagsulat** | | |
| Nagagamit ko ang salitang balbal sa pagsulat ng komposisyon. | **3.58** | Mataas |

| | | |
|---|---|---|
| Nagagamit ko ang balbal na salita s pagsulat ng impormal na sulatin. | **3.64** | Mataas |
| Nagagamit ko ang salitang balbal sa pagsulat s mga elektronikong kagamitan tulad ng cellphone at kompyuter. | **3.88** | Mataas |
| Nakapagpapabago ang paggamit ng salitang balbal sa konsepto ng nakababagot na pagsusulat. | **3.82** | Mataas |
| Nalilinang ang kahusayan ko sa pagbuo ng pangungusap gamit ang mga salitang balbal sa pagsulat. | **3.77** | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.74** | **Mataas** |
| **E. Impluwensiya ng Balbal sa Makrong kasanayan batay sa Panonood** | | |
| Nakuha ko s mga palabas sa telebisyon ang paggamit ng salitang balbal. | **3.91** | Mataas |
| Nakaiimpluwensiya sa akin nang malaki ang panonood sa pagpapalaganap ng salitang balbal. | **3.87** | Mataas |
| Nakatutulong sa akin ang mga panoorin sa pagpapalawig ng mga salitang ginagamit ng mga salitang balbal. | **3.85** | Mataas |
| Nagiging magandang paraan para sa akin ang panonood nito upang maging mabilis at mabisang matuto. | **3.89** | Mataas |
| Nakakatulong sa akin ang paggamit ng salitang balbal mula sa mga pinapanood. | **3.84** | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.87** | **Mataas** |

*Kabuohan ng Antas sa Paggamit ng Wikang Balbal*

| **INDIKEYTOR**. | | |
|---|---|---|
| Impluwensiya ng Balbal batay sa Makrong Kasanayan sa Pakikinig. | **3.93** | Mataas |
| Impluwensiya ng Balbal batay sa Makrong Kasanayan sa Pagbasa. | **3.85** | Mataas |
| Impluwensiya ng Balbal batay sa Makrong Kasanayan sa Pagsasalita. | **3.87** | Mataas |
| Impluwensiya ng Balbal batay sa Makrong Kasanayan sa Pagsulat. | **3.74** | Mataas |
| Impluwensiya ng Balbal batay sa Makrong Kasanayan sa Panonood. | **3.87** | Napakataas |
| **KABUOAN** | **3.85** | **Napakataas** |

**Impluwensiya ng Balbal sa Makrong Kasanayan batay sa Pagbasa.** Ang kabuoan na rating ng indikeytor na ito ay mataas ayon sa naging bunga ng pananaliksik . Ang mga resulta ay nagpapakita na ang mga respondent ay sumasang-ayon na nagkakaroon ng impluwensiya ang wikang balbal sa kanilang pagbasa. Ito ay kaugnay sa pag-aaral ni Firmansyah et al,. 2024, kung saan binibigyang-diin ng pag-aaral na ang balbal ay nagpapahusay sa pagkuha ng bokabularyo na mahalaga para sa kasanayan sa pagbasa. Ang pagkakalantad na ito ay hindi lamang nagpapayaman sa kanilang bokabularyo kundi tumutulong din sa pag-unawa ng mga impormal na teksto, na sa huli ay nagpapabuti sa kanilang kabuuang kasanayan sa pagbasa. Ang pagsasama ng balbal sa pagtuturo ng wika ay maaaring magtulay sa agwat sa pagitan ng pormal na edukasyon at paggamit ng wika sa totoong mundo.

**Impluwensiya ng Balbal sa Makrong Kasanayan batay sa Pagsasalita.** Ang kabuoan na rating ng indikeytor na ito ay mataas ayon sa naging bunga ng pananaliksik . Ang mga resulta ay nagpapakita na ang mga respondent ay sumasang-ayon na nagkakaroon ng impluwensiya ang wikang balbal sa kanilang pagsasalita. Ang resultang ito ay may kaugnay sa pag-aaral ni Auganbayeva et al,. (2024), ang balbal, partikular ang balbal ng kabataan, ay may malaking impluwensya sa kasanayan sa wika sa pamamagitan ng paghubog ng kakayahan sa wika at mga gawi sa pagsasalita. Ipinapakita nito ang mga dinamika ng lipunan at pinadadali ang komunikasyon sa mga kabataan, na nakakaapekto sa kanilang pag-unlad sa wika at pagsasama ng mga bagong elemento ng wika mula sa Ingles at teknolohiya.

**Impluwensiya ng Balbal sa Makrong Kasanayan batay sa Pakikinig.** Ang kabuoan na rating ng indikeytor na ito ay mataas ayon sa naging bunga ng pananaliksik ito. Ang mga resulta ay nagpapakita na ang mga respondent ay sumasang-ayon na nagkakaroon ng impluwensiya ang wikang balbal sa kanilang pakikinig. Ito rin ay ayun sa pag-aaral nina Firmansyah et al,. (2024) Ang impluwensya ng balbal sa kasanayan batay sa pakikinig ng mga mag-aaral ay maraming aspeto, tulad ng ipinapakita ng iba't ibang pag-aaral na sumusuri sa papel nito sa pagkuha ng wika. Ang balbal ay nagpapahusay sa mga kasanayan sa impormal na komunikasyon,

na nagbibigay sa mga mag-aaral ng pagkakataon na makaranas ng tunay na paggamit ng wika, na maaaring magpabuti sa kanilang pag-unawa sa pakikinig.

**Impluwensiya ng Balbal sa Makrong Kasanayan batay sa Pagsulat.** Ang kabuoan na rating ng indikeytor na ito ay mataas ayon sa naging bunga ng pananaliksik . Ang mga resulta ay nagpapakita na ang mga respondent ay sumasang-ayon na nagkakaroon ng impluwensiya ang wikang balbal sa kanilang pagsulat. Ito ay kaugnay sa pag-aaral =kanilang mga kapwa. Ang ganitong uri ng wika ay hindi lamang nakakatulong sa komunikasyon kundi nagdudulot din ng pakiramdam ng pagiging kabilang sa mga kapwa, dahil mayroon silang magkakaparehong kodigo ng wika. Ang paggamit ng impormal na wika tulad ng balbal ay maaaring makaapekto sa pormal na tono at kalinawan ng pagsulat sa pamamagitan ng pagbibigay-priyoridad sa maikling pahayag kaysa sa tradisyonal na gramatika at bokabularyo. Bukod pa rito, ang paggamit ng impormal na wika ay maaaring hadlangan ang komunikasyon para sa mga indibidwal na hindi bahagi ng grupo dahil sa potensyal na kalituhan sa mga kahulugan nito, na sa turn ay nakakaapekto sa paraan ng pagpapahayag at pag-unawa sa mga mensahe. (Za et al., 2023).

**Impluwensiya ng Balbal sa Makrong Kasanayan batay sa Panonood.** Ang kabuoan na rating ng indikeytor na ito ay mataas ayon sa naging bunga ng pananaliksik ito. Ang mga resulta ay nagpapakita na ang mga respondent ay sumasang-ayon na nagkakaroon ng impluwensiya ang wikang balbal sa kanilang ppanonood. Ito ay kaugnay sa pag-aaral ni Herlina et al., 2024, ang social media ay may malaking epekto sa balbal na paggamit ng mga kabataan; pinadali nito ang mabilis na ebolusyon ng wika at ang paglitaw ng mga bagong ekspresyon. Ang mga website tulad ng TikTok, Instagram, at Twitter ay nagpapadali sa paglikha at pagpapalaganap ng balbal, na nagbibigay-daan sa mga user na gumamit ng impormal na wika, na madalas na nagiging malabo ang pagkakaiba sa pagitan ng impormal at pormal na wik sa komunikasyon.

**Talahanayan 3**

*Antas ng Katatasan sa Paggamit ng Wikang Filipino, Ayon sa hamon sa pakikipagtalastasan gamit ang wikang FIilipino sa salik na pang-akademiko, pang-sosyal at mga paraang ginagawa upang malutas ang hamong kinakaharap.*

| Baryabol at Indikeytor | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| **A. Hamon sa pakikipagtalastasan gamit ang wikang Filipino sa salik na pang-akademiko** | | |
| Nahihirapan ako tuwing may gawaing pagtatanghal (tula, dula, sabayang pagbigkas atbp. | **3.56** | Mataas |
| Nangangapa ako ng mga salitang gagamitin tuwing may resitasyon sa klase. | **3,65** | Mataas |
| Nahihirapan ako sa pagsasaayos ng mga ieya kapag ako ay nagsasalita sa Filipino. | **3.56** | Mataas |
| Nababahala akong mag ulat sa harap ng klase. | **3.52** | Mataas |
| Nahihiya akong mtukso ng kklase dahil hindi ako bihasa sa pagsasalita ng Filipino. | **3.52** | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.56** | **Mataas** |
| **B. Hamon sa pakikipagtalastasan gamit ang wikang Filipino sa salik na pang-sosyal** | | |
| Nakakagamit ako ng maling salita sa pagpapahayag. | **3.76** | Mataas |
| Hindi madalas ginagamit ng aking mga kaklase at kakilala ang wikang Filipino sa pakikipag-usap. | **3.69** | Mataas |
| Nauutal ako sa pakikipag-usap gamit ang wikang Filipino sa harap ng klase. | **3.68** | Mataas |
| Kadalasan ay mali ang aking pagbigkas sa mga salita. | **3.61** | Mataas |
| Pinagtatawanan ako ng aking mga kaklase kapag sumusubok akong magsalita ng wikang Filipino. | **3.16** | **Katamtaman** |
| **KABUOAN** | **3.58** | **Mataas** |
| **C. Paraang ginagawa ng mga mag-aaral upang malutas ang kanilang hamong kinakaharap** | | |
| Nagbabasa ako ng tekstong nakasulat sa Filipino. | **4.23** | Mataas |
| Nagsasaliksik ako ng mga salitang Filipino na maaaring magamit ko sa pakikipagtalastasan. | **3.96** | Mataas |
| Nanunuod ako ng mga halimbawa ng balagtasan, spoken poetry atbp. | **3.97** | Mataas |
| Nagsusulat ako ng kwento, tula, o sanaysay gamit ang wikang Filipino. | **3.89** | Mataas |

| | | |
|---|---|---|
| Humihingi ako ng payo s mga bihasa o marunong sa Filipino. | **4.00** | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.01** | **Mataas** |

*Kabuohan ng Antas sa Paggamit ng Wikang Balbal*

| **INDIKEYTOR**. | | |
|---|---|---|
| Hamon sa pakikipagtalastasan gamit ang wikang Filipino sa salik na pang-akademiko. | **3.56** | Mataas |
| Hamon sa pakikipagtalastasan gamit ang wikang Filipino sa salik na pang-sosyal. | **3.58** | Mataas |
| Paraang ginagawa ng mga mag-aaral upang malutas ang kanilang mga hamong kinakaharap. | **4.01** | Mataas |
| **Pangkalahatang Kabuoan** | **3.72** | **Mataas** |

**Hamon sa pakikipagtalastasan gamit ang wikang Filipino sa salik na pang-akademiko.** Ang kabuoan na rating ng indikeytor na ito ay mataas ayon sa naging bunga ng pananaliksik ito. Ibig sabihin, nagkakaroon ng mga hamon ang mga mag-aaral sa kanilang katatasan sa paggamit ng wikang Filipino sa salik na pang-akademiko. Ang resulta na ito ay kaugnay sa pag-aaral ni Ranque et al., 2024, ang kasanayan ng mga estudyante sa paggamit ng wikang Filipino para sa akademikong komunikasyon ay naaapektuhan ng iba't ibang salik, kabilang ang kasanayan sa gramatika, metakognitibong kamalayan, at sosyo-kultural na dinamika. Ipinapakita ng pananaliksik na kahit maraming estudyante ang nagpapakita ng mataas na antas ng kasanayan, may mga hamon pa rin, partikular sa pagsulat ng sanaysay, kung saan ang mga karaniwang pagkakamali ay nagmumula sa kakulangan ng kaalaman sa gramatika at kasanayan sa pag-oorganisa.

**Hamon sa pakikipagtalastasan gamit ang wikang Filipino sa salik na pangsosyal.** Ang kabuoan na rating ng indikeytor na ito ay mataas ayon sa naging bunga ng pananaliksik ito. Ibig sabihin, nagkakaroon ng mga hamon ang mga mag-aaral sa kanilang katatasan sa paggamit ng wikang Filipino sa salik na pangsosyal dahil sa iba't ibang dahilan. Ang naging resulta ay kaugnay sa pag-aaral ni Sugue et al,. 2024, Ang mga katutubong estudyante ay nahaharap sa mga hamon sa pakikipagkomunikasyon gamit ang wikang Filipino dahil sa kakulangan ng tiwala sa sarili, hirap sa paghahanap ng tamang mga salita, at pagkabahala, na sama-samang humahadlang sa kanilang interes na makilahok sa mga pag-uusap sa mga sosyal na konteksto.

**Paraang ginagawa ng mga mag-aaral upang malutas ang kanilang mga hamong kinakaharap.** Ang kabuoan na rating ng indikeytor na ito ay mataas ayon sa naging bunga ng pananaliksik na ito. Ibig sabihin, ang mga mag-aaral ay gumawa ng paraan upang malutas ang mga hamon na kanilang kinakahaarap upang maging maayos ang kanilang pakikipagtalastasan sa wikang FIlipino. Ang resultang ito ay may kaugnayan sa pag-aaral nina Lamorinas et al,. 2024, ayon dito gumagamit ang mga estudyante ng iba't ibang pamamaraan upang harapin ang mga hamon na kaugnay ng paggamit ng wikang Filipino sa parehong akademiko at sosyal na konteksto. Isa na rito ay mga personal na estratehiya para sa  ng wika ay kinabibilangan ng paglikha ng nilalamang nasa wikang Filipino sa social media at pakikilahok sa mga talakayan tungkol sa pagkakakilanlang Pilipino, na nagpapalaganap ng pagmamalaki sa kultura at pagpapasa ng wika sa iba't ibang henerasyon (Lamorinas et al., 2024).

**Talahanayan 5.1**

*Karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang balbal sa pakikipagtalastasan*

| Isyung Sinuri | Pangunahing Ideya | Code/Kategorya | Pangunahing Tema | Teoritikal na Suporta |
|---|---|---|---|---|
| Karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang balbal sa pakikipagtalas-tasan | • Ginagamit ang wikang balbal upang mas maipahiwatig ang nais sabihin.<br>• Mas madaling maipahayag ang saloobin o pananaw. | Nagpapadali sa pakikipagtalastas an | Mas pinadadali ang daloy ng komunikasyon | **Teorya ng Akomodasyon Howard Giles (1973)** |
| | • Nagiging daan upang mas komportable ang usapan. | Nagiging Epektibo ang pakikipag-usap | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | • Nagiging mas natural at magaaan ang daloy ng usapan. | | | |
| | Napapalalim ang ugnayan sa mga kaibigan. Nagagamit sa pakikipag-usap sa mga kaibigan. | Nakabubuo ng mas malalim na koneksyon | Ginagamit sa pakikipag-ugnayan sa pamilya at mga kaibigan. | **Teoryang Sociocultural Lev Vygotsky (1978)** |
| | Epektibo sa pagpapadali ng pakikipag-ugnayan sa mga kaklase. Ginagamit ang wikang balbal upang magpatawa. | Napapalapit ang ugnayan ng mga taong nag-uusap | | |
| | Nagagamit sa labas na pag-uusap. Impormal at madalas ginagamit sa pang- araw-araw. | Ginagamit sa pang- araw-araw | | |
| | Madalas na hindi naiintindihan ng mga nakakatanda. Hindi naaayon sa paraan ng kanilang pag-uusap. Maaring magdulot ng hindi pagkakaunawaan o hidwaan. Nagiging bastos o hindi kanais-nais pakinggan para sa iba. | Nagkakaroon ng hindi pagkakaintindihan | Nagdudulot ng negatibong epekto sa pakikipagtalastasan | **Teorya ng Komunikasyong Hadlang Shannon at Weaver (1948)** |
| | Ginagamit sa hindi angkop na lugar o okasyon. Nababawasan ang pormalidad ng usapan | Impormal na paraan na pakikipagtalastasan | | |

**Talahanayan 5.1**
*Pananaw sa paggamit ng balbal sa pakikipagtalastasan sa wikang Filipino*

| Isyung Sinuri | Pangunahing Ideya | Code/Kategorya | Pangunahing Tema | Teoritikal na Suporta |
|---|---|---|---|---|
| Pananaw sa paggamit ng balbal sa pakikipagtalas-tasan sa wikang Filipino | • Naiintindihan ng lahat maliban sa hindi kabilang sa henerasyon.<br>• Madaling maintindihan dahil ito ay nau-uso. | Ang wika ay naaayon sa kasalukuyang panahon | Salik na nakakaimpluwensiya sa wikang balbal | **Teoryang Pragmatika Austin at Searle (1962)** |
| | Ginagamit ng mga kaibigan o kakilala.<br>Pakikipag interaksyon sa ibang tao. | Impluwensiya ng tao sa wika | | |
| | Madalas ginagamit ng pamilya at kakilala.<br>Ginagamit sa pakikipag-usap sa mga guro at kaklase.<br>Ginagamit sa social media. | Impluwensiya ng Lipunan | | |
| | Mawawalan ng halaga ang pag-aaral ng pormal na wika.<br>Maaring magkaroon ng epekto sa kasanayan.<br>Makalimutan ang tamang gramatika ng pormal na wika. | Hindi magandang epekto. | Patuloy na paggamit ng balbal | **Teorya ng Pagpapalit koda (Code-Switching Theory) Holmes (1992)** |
| | Maaring magdulot ng mabuti o di-mabuting epekto depende sa paggamit.<br>Maaring magbigay ng pagkakataong maipakita ang kanilang pagkamalikhain.<br>Maaring umusbong ang mga bagong salita. | Positibong Epekto | | |
| | Nararapat na gumamit ng pormal na wika.<br>Nagiging biro ang seryosong usapan. | Nagiging sanhi ng hindi pagkakatugma ng pananaw | Paggamit ng balbal sa loob ng klase | **Teorya ng Pagpapalit koda (Code-Switching Theory) Holmes (1992)** |
| | Nakakapagpa-dali ng talakayan<br>Nakakabuo ng interaksyon | Magpagaan sa komunikasyon | | |

**Ang karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang balbal sa pakikipagtalastasan sa wikang Filipino**

Ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang balbal sa pakikipagtalasan sa wikang Filipino ay nailahad batay sa resulta sa kabanata 3. Mapapansin ang mga isyung sinuri na siyang paraan upang mabuo ang mga pangunahing tema, kowd o kategorya at pangunahing ideya. Ito ay may layunin na masusi ang mga naging karanasan ng mga mag-aaral ng Bsed Filipino ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Sa pamamagitan nito, ang iba't ibang pahayag batay sa iba't ibang mga may-akda at mga teorista ay ipinakita kaugnay sa mga karanasang ito.

**Mas pinadadali ang daloy ng komunikasyon.** Ang resulta sa pananaliksik ay inihayag dahil sa kanilang paggamit ng wikang balbal, ito ay mas pinadali ang daloy ng komunikasyon ng mga mag-aaral kabilang dito ay ang nagpapadali sa pakikipagtalastasan at nagiging epektibo ang pakikipag-usap. Ang resultang ito ay nagkaroon ng supporta sa Teorya ng Akomodasyon sa Wika ni Howard Giles (1973) na kung saan ayon dito ang teorya ng Akomodasyon sa Wika ay nauugnay sa pagpapadali ng daloy ng komunikasyon dahil ipinakita nito kung paano maaaring baguhin ang paraan ng pagsasalita upang maging mas epektibo at mas maunawaan ng kausap ang mga ito. Ibig sabihin, ang teoryang ito ay nangangahulugan na napapadali ng wikang balbal ang daloy ng komunikasyon dahil maaring baguhin ng mga mag-aaral ang kanilang mga salita depende sa kanilang kausap upang mapadali ang komunikasyon.

**Ginagamit sa pakikipag-ugnayan sa pamilya at mga kaibigan.** Ang resulta sa pananaliksik ay inihayag dahil sa kanilang paggamit ng wikang balbal, ito ay ginagamit sa pakikipag-ugnayan sa pamilya at mga kaibigan ng mga mag-aaral kabilang dito ay ang nakabuobuo ng mas malalim na koneksyon, nagpapalapit ang ugnayan ng mga taong nag-uusap at ginagamit sa pang araw-araw. Ang resultang ito ay nagkaroon ng supporta sa Teoryang Sociocultural ni Lev Vygotsky (1978) dahil ipinakita nito na ang wika ay hindi mga salita lamang na nagbibigay ng impormasyon kundi ang wika ay isa sa dahilan kung bakit napapalapit ang ugnayan ng mga tao sa isa't isa. Ayon rin sa kaniya ang wika ay natutunan dahil sa pagkakaroon ng interaksyon ng mga tao. Ibig sabihin ang teoryang ito ay nangangahulugang na ginagamit ng mga mag-aaral ang wikang balbal upang magkaroon ng ugnayan at interaksyon sa isa't isa.

**Nagdudulot ng negatibong epekto sa pakikipagtalastasan.** Ang resulta sa pananaliksik ay inihayag dahil sa kanilang paggamit ng wikang balbal, ito ay nagdudulot ng negatibong epekto sa pakikipagtalastasan, kabilang dito ay ang nagkakaroon ng hindi pagkakaintindihan, at impormal na paraan na pakikipagtalastasan. Ang resultang ito ay nagkaroon ng supporta mula sa Teorya ng Komunikasyong Hadlang ni Shannon and Weaver (1948) dahil ipinapakita nito na ang wika ay nagkakaroon ng mga hadlang upang magkaroon ng epektibong pagpapalitan ng impormasyon at nagkakaroon ng hindi pagkakaintindihan o pagkakaunawaan ang mga tao. Ibig sabihin ang teoryang ito ay nangangahuugang na ang mga mag-aaral ay nagkakaron ng iba't ibang negatibong dahilan kung saan naaapektuhan ang kanilang pakikipagtalastasan sa ibang tao.

**Ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang balbal sa pakikipagtalastasan sa wikang Filipino**

Ang mga pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang balbal sa pakikipagtalastasan sa wikang Filipino ay nailahad batay sa resulta sa kabanata 3. Mapapansin ang mga isyung sinuri na siyang paraan upang mabuo ang mga pangunahing tema, kowd o kategorya at pangunahing ideya. Ito ay may layunin na masusi ang mga pananaw ng mga mag-aaral ng Bsed Filipino ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Sa pamamagitan nito, ang iba't ibang pahayag batay sa iba't ibang mga may-akda at mga teorista ay ipinakita kaugnay sa mga karanasang ito.

**Salik na nakakaimpluwensiya sa wikang balbal.** Ang resulta sa pananaliksik ay inihayag dahil sa kanilang paggamit ng wikang balbal, ito ay salik na nakakaimpluwensiya sa wikang balbal, kabilang dito ay ang wika ay naaayon sa kasalukuyang panahon,impluwensiya ng tao sa wika at impluwensiya ng lipunan. Ang resultang ito ay nagkaroon ng supporta mula sa Teorya ng Pragmatika ni Austin at Searle (1962) dahil ipinapaliwanag nito na ang wika ay nagkakaroon ng bagong kahulugan batay sa kung paano ito gamitin ng tao sa pakikipagtalastasan. Ibig sabihin ang teoryang ito ay nangangahulugan na nagkakaroon ng iba't ibang salik na nakakaimpluwensiya ang wikang balbal dahil nagkakaroon ng iba't ibang paraan sa paggamit nito.

**Patuloy na paggamit ng balbal.** Ang resulta sa pananaliksik ay inihayag dahil sa kanilang paggamit ng wikang balbal, ito ay patuloy na paggamit ng balbal, kabilang dito ay hindi magandang epekto at positibong epekto. Ang resultang ito ay nagkaroon ng supporta mula sa Teoryang Pagpapalit koda o *Code Switching* ni Holmes (1992) dahil ipinaliwanag nito na madalas pinaghahalo ng mga tao ang pormal na wika at impormal na nagiging dahilan ng kalituhan. Ngunit pinaghahalo rin ng mga tao ang impormal at pormal na wika upang magkaroon ng ugnayan sa isa't isa. Ibig sabihin ang teoryang ito ay nangangahulugan na nagkakaroon ng negatibo at positibong epekto sa pakikipagtalastasan ang patuloy na paggamit ng wikang balbal.

**Paggamit ng balbal sa loob ng klase.** Ang resulta sa pananaliksik na ito ay inihayag dahil sa kanilang paggamit ng wikang balbal, ito ay paggamit ng balbal sa loob ng klase, kabilang dito ay ang nagiging sanhi ng

hindi pagkakatugma ng pananaw at magpagaan sa komunikasyon. Ang resultang ito ay nagkaroon ng supporta mula sa Teoryang Pagpapalit Koda o Code Switching ni Holmes (1992) dahil ipinaliwanag nito na may negatibo at positibong epekto ang paghahalo ng impormal at pormal na wika na nagiging dahilan upang gamitin sa loob ng klase. Ibig sabihin ang teoryang ito ay nangangahulugan na may positibo at negatibong epekto ang paghahalo ng wika mula sa pormal at impormal pag patuloy na ginagamit ng mga mag-aaral sa loob ng klase.

